Ang Komisyon ng Enerhiya ng California

Paghahanda para sa mga Emerhensiya sa Enerhiya

Noong 1988, binuo ang Komisyon ng Enerhiya ng California, ang una at komprehensibong plano ng mga maaaring mangyari dahil sa kakulangan enerhiya na kaagad na kinilala ng bansa. Ngayon, ang Komisyon ng Enerhiya ay nagpapatuloy sa pangunguna sa pagpaplano sa emerhensiya ng enerhiya.

Kasama sa trabaho ang malawakang pag-update ng estado ng Energeny Emergency Response Plan, pamamahala ng mga supply ng petrolyo para sa mga tumutugon sa emerhensiya, pagtulong sa mga lokal na pamahalaan nang may katatagan ng enerhiya, at paghikayat sa pagbawas ng pangangailangan ng enerhiya sa panahon ng mga emerhensiyang sitwasyon. Ang pagpaplano para sa mga emerhensiya ay nagpapahintulot sa estado na tumugon sa isang mahusay, epektibo at napapanahong paraan.

Pagresponde sa mga Emerhensiya sa Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagpapaunlad at nagpapanatili ng California's Energy Emergency Response Plan (Plan) na gumagabay sa mga pagsisikap ng estado kapag may aktwal o posibilidad na pagkawala ng suplay ng enerhiya dahil sa isang natural na kalamidad o isang mahalagang kaganapang geopolitikal.

Ang Plan ang tatanggap ng "lahat ng mga panganib" na diskarte na nagbibigay ng kakayahang umangkop sa bawat sitwasyon ng emerhensiyang pang-enerhiya nang walang pgsasaalang-alang sa pinagmulan nito. Nagbibigay ito ng isang istraktura ng pamamahala at pagpapatakbo na nagpapakilala na tutukoy sa mga gumaganang koneksyon na dapat na umiiral upang matiyak ang epektibong pagkakakilanlan, tugon, at pagbawi mula sa isang kagipitan.

Ang Plan ay pangunahing nakasalalay sa isang diskarte sa merkado upang mapamahalaan ang suplay ng enerhiya at pamamahagi nito. Ang pakikialam ng gobyerno ay nagaganap lamang kung kinakailangan nang protektahan ang interes sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko, kaugnay ng kritikal na serbisyo sa komunidad at operasyong pang-ekonomiya.

Sa pga panahon ng maagang yugto ng emerhensiya sa enerhiya, ang pangunahing papel ng Komisyon ng Enerhiya ay ang paghahanap ng katotohanan, pagsubaybay, at pagpapalitan ng impormasyon sa halip na direktang pakikialam sa pagsisikap na maibalik ang mga serbisyo.

Bilang karagdagan, pinapayuhan ng Komisyon ng Enerhiya ang Gobernador ukol sa kalikasan, lawak, at tagal ng mga emerhensiya ng enerhiya at ang angkop na tugon ng estado.

Paglalaan ng Gatong para sa Pagresponde sa Emerhensiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nangangasiwa sa Programa ng Petroleum Fuels Set-Aside ng California. Ito ay isang pormal na programa ng paglalaan na ginagamit upang matiyak na ang mga supply ng gasolina ay magagamit na pangtugon sa emerhensiya sa panahon ng isang malawakan o matagal na kakulangan.

Ang pormal na programa na ito ay ipinatupad sa direksyon ng Gobernador pagkatapos ipahayag ang isang es-

tado ng emerhensiya. Bilang karagdagan, ang Gobernador ay kailangang opisyal na pumirma at ipahayag ang Emergency Order No. 6 na nagbibigay kapangyarihan sa Komisyon ng Enerhiya na “hawakan ang kontrol ng mga stocks ng petrolyo” kung kinakailangan upang matiyak ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko.

Ang kautusang ito ang nagbibigay sa Komisyon ng Enerhiya ng legal na kapangyarihan na magbigay ng gasolina kung kinakailangan upang masuportahan ang isang mabilis na tugon sa kaganapan ng isang laganap o matagal na kakulangan. Sa pakikipagtulungan sa California Office of Emergency Services, ang Komisyon ng Enerhiya ay maaaring mag-utos sa mga kumpanya ng langis upang magbigay ng gasolina na kinakailangan ng mga emergency service providers na tumutugon sa isang sitwasyong emergency.

Sa sandali ng kakulangan na nagiging sanhi ng hindi pangkaraniwang kahirapan sa ekonomiya, ang Petroleum Fuels Set-Aside Program ay maaari ding gamitin upang tulungan ang kritikal na industriya dahil sa kakulangan ng gasolina, tulad ng industriya ng agrikultura ng California.

Pagsisiguro sa Kahandaan ng Lokal na Enerhiya

Ang programang California Local Assurance Plan ay ginagamit upang tulungan ang local na pamahalaan na makagawa ng plano para sa katatagan ng enerhiya. Ang pangunahing pokus ng mga planong ito ay ang pagtiyak ng maaasahang suplay ng enerhiya para sa mahahalagang serbisyo na ipagkakaloob ng mga lokal na pamahalaan.

Nakabalangkas sa programa ang angkop na proseso ng pagpaplano at alok na tulong teknikal sa lokal na pamahalaan upang matukoy nila ang mga kakulangan at mga kahinaan sa kanilang suplay ng enerhiya, at makahanap ng alternatibong pagpipilian ng enerhiya na mas maaasahan, ligtas, magkakaiba, abot-kaya at katanggap-tanggap sa kapaligiran.

Paghikayat sa Pagbabawas ng Pangangailangan sa Enerhiya

AAng isang pangunahing istratehiya sa pagtugon sa anumang emerhensiya sa enerhiya ay ang pagbabawas ng pangangailangan. Ang Komisyon ng Enerhiya ay may awtoridad na magrekomenda ng angkop at malawakang hakbang upang mapigilan ang epekto ng mga pinipigilang suplay ng enerhiya sa lokal na antas.

Halimbawa, bilang tugon sa 2000-2001 krisis sa kuryente, ipinatupad ng Komisyon ng Enerhiya ang electricity load management emergency program na naglaan sa mahigit sa 1,000 negosyo ng sistema ng pagsukat at kontrol upang magkaroon sila ng kakayahan na mabawasan ang kanilang cumulative electricity load ng magihit sa 150 megawatts sa loob ng 15 minuto ng pagtanggap ng babala sa emerhensiya. Ang mga estratehikong programa na tulad nito ang titiyak ng pagiging maaasahan ng serbisyo ay mapapanatili sa panahon ng emerhensiya.

Ang mga plano sa enerhiya sa mga maaaring mangyari sa panahon ng emerhensiya ay magkakaroon at magpapatuloy upang tulungan ang California na makatugon sa mga hindi inaasahang sitwasyon at mapagaan ang mga posibleng pinsala sa komunidad at ekonomiya ng estado.

Edmund G. Brown Jr.
Governor

Robert B. Weisenmiller
Chair

Robert Oglesby
Executive Director

Commissioners
Karen Douglas
David Hochschild
Andrew McAllister
Janea A. Scott

CALIFORNIA
ENERGY COMMISSION

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy